# Kamatayan at Ano ang Susunod

### Isang maikling kwento ng Discworld

### Akda ni Terry Pratchett

(Copyright © Terry Pratchett 2002)

---

Nang nasalubungan ni Kamtayan ang pilosopo, sinabi ng pilosopo, na may pagkatuwa: "Sa puntong ito, nakikita mo, ako'y parehong patay at di patay."

May buntung-hininga na nagmula kay Kamatayan. Hay 'nako, isa sa mga 'yon, naisip niya. Magiging tungkol sa quantum na naman ito. Ikinasusuklam niya ang pag-aasikaso ng mga pilosopo. Palagi nilang pinipilit na makalusot.

"Tignan mo," wika ng pilosopo, habang si Kamatayan, walang kibo, ay pinapanood ang buhangin ng buhay niya na umaagos sa orasang-buhangin, "ang lahat ay binubuo ng maliliit na butil, na may kakaibang katangian ng pagiging nasa maraming lugar sa isang saglit. Ngunit ang mga bagay na *gawa* sa mga maliliit na butil ay may hilig na manatili sa isang lugar isang saglit, na parang hindi tama ayon sa teoryang quantum. Maaari ko bang ituloy?"

OO, NGUNIT HUWAG MASYADONG MATAGAL, sabi ni Kamatayan, ANG LAHAT AY PANSAMANTALA. Hindi siya lumingon palayo sa pumapatak na buhangin.

"Kung ganun, kapag pinagkasunduan natin na merong di-tiyak na bilang ng mga uniberso, nasagutan na ang problema! Kung may walang-hanggang bilang ng uniberso, ang kamang ito ay maaaring nasa ilang milyon sa kanila, sabay-sabay!"

GUMAGALAW BA SIYA?

"Ano?"

Tinanguan ni Kamatayan ang kama. NARARAMDAMAN MO BANG GUMAGALAW SIYA? sabi niya.

"Hinde, dahil meron rin akong isang milyong bersyon, at... ito ang magandang bahagi... sa ilan sa kanila hindi pa ako mamamatay! Lahat ay posible!"

Tinapik ni Kamatayan ang hawakan ng kanyang karit habang pinag-isipan niya ito.

At ang punto mo ay...?

"E, hindi naman ako talaga namamatay, tama? Hindi ka na katiyakan."

May buntung-hininga na nagmula kay Kamatayan. Kalawakan inisip niya. Iyon ang panggulo. Hindi naman naging ganito sa mga mundong may himpapawid na maulap na walang-katapusan. Ngunit ng makita ng tao ang kalawakang iyon, lumaki ang utak nila upang subukang punuin iyon.

"Walang kasagutan, ha?" sabi ng namamatay na pilosopo. "Nararamdaman ba nating may pagka-luma na tayo?"

Tunay ngang palaisipan ito, sabi ni Kamatayan. Noon nagdasal sila, naisip niya. Sabagay, hindi rin niya natiyak na gumagana ang dasal. Nag-isip siya ng isang sandali. At sasagutin ko sa ganitong paraan, dagdag niya. Mahal mo ang asawa mo?

"Ano?"

Yung babaeng nag-aalaga sa iyo. Mahal mo siya?

"Oo. Siyempre."

Makakaisip ka ba ng kalagayan na kung saan, na hindi magbabago ang iyong personal na kasaysayan sa kahit anong paraan, sa panahong ito ay dadampot ka ng kutsilyo at sasaksakin siya? sabi ni Kamatayan. Halimbawa?

"Siyempre hindi!"

Ngunit ayon sa teorya mo kailangan ito. Napakaposible iyon sa loob ng batas-pisikal ng uniberso, at samakatuwid ay dapat mangyari, at mangyari ng maraming beses. Ang bawat saglit ay isang bilyong, bilyong saglit, at sa mga saglit na iyon lahat ng bagay na posible ay hindi maiiwasan. Lahat ng oras, sa mas madali o sa mas nahuhuli, ay nasa isang saglit lamang.

"Pero siyempre maaari tayong pumili sa-"

Meron bang pagpipilian? Lahat ng maaaring mangyari, ay dapat mangyari. Sinasabi ng teorya mo na para sa bawat uniberso na mabubuo para sa iyong 'hindi', ay dapat merong mabubuo para sa iyong 'oo'. Ngunit sabi mo na kahit kailanmay hindi ka makakapatay ng tao. Yumayanig ang tela ng sanlibutan sa harap ng iyong napakatiyak na kasiguruhan. Ang moralidad mo ay magiging pwersang kasing-lakas ng grabidad. At, naisip ni Kamatayan, napakaraming kailangang sagutin ng kalawakan.

"Tuya ba iyon?"

Sa totoo, hindi. Ako'y namamangha at naiintriga, sabi ni Kamatayan. Ang konseptong iniharap mo sa akin ay nagpapatunay sa pagkaroon ng dalawang mula-noong maka-alamat na lugar. Sa

kung saan, meron isang mundong kung saan lahat ng tao'y pumili sa tamang pagpipilian, ang marangal na pagpilian, ang pagpilian na nagbigay ng pinakamataas na kasiyahan sa kapwa nilang nilalang, siyempre, ibig rin nung sabihin na sa kung saan ay merong umuusok na kapiraso ng mundong kung saan hindi nila ginawa iyon...

“Ikaw naman, eh! Alam ko ang gusto mong ipalabas, at kailanma'y hindi ako naniwala sa kung anong kalokohang Langit at Impyernong iyan!”

Nandidilim ang kwarto. Ang asul na kinang sa haba ng karit ni Kamatayan ay naging kapansin-pansin.

Kamangha-mangha, sabi ni Kamatayan. Tunay ngang kamangha-mangha. Payagan mo akong iharap ang isa pang mungkahi: Na kayo ay wala kundi isang swerteng uri ng bakulaw na sinusubukang intindihin ang mga kagusutan ng paglikha sa paggamit ng wikang sumibol upang masabi sa isa't-isa kung nasaan ang hinog na prutas?

Naghihingalo, nakayanang sabihin ng pilosopo: “Huwag ka nga magluko-loko.”

Ang nasabi ko ay hindi sadyang mapanira, sabi ni Kamatayan. Sa kalagayang ito, napakarami na ang nagawa ninyo.

“Tuluyan na naming natakasan ang mga makalumang pamahiin!”

Mabuti, sabi ni Kamatayan. Ganyan dapat. Gusto ko lang siguruhin.

Sumandal siya ng paharap.

“At alam mo ba ang teorya na kung saan ang kalagayan ng ilang maliliit na butil ay di-tiyak hanggang sa panahong sila ay naobserbahan? Madalas mabanggit ang pusa sa loob ng kahon.”

“Ah, oo,” sabi ng pilosopo.

Mabuti, wika ni Kamatayan. Tumayo siya habang nawala ang huling sinag ng liwanag at ngumiti.

“Nakikita kita...”

---

“Kamatayan at Ano ang Susunod” ay unang isinulat para, at lumabas sa Timehunt (http://www.timehunt.com/timehunt.html), isang website na palaro na may pasulong na serye ng palaisipan.

Sa kabutihang loob ay pinayagan ang L-Space na ilathala ang kwentong ito, ngunit inirereseba ni Terry Pratchett ang lahat ng pagpapadami at ibang karapatan sa kwentong ito.

---

(^)

---

*Ang bahaging ito ng L-Space ay inaalagaan ng Mga L-Space Librarians*

*Ang L-Space Web ay nilikha ng Mga L-Space Librarians*
*Ang mirror site na ito ay inaalagaan ni Leo Breebart*

Filipino translation by (Pagsalin sa Filipino ni) : Melvin Charles O. Dy